

Kaligtasan sa daan

Magkakasabay maglakad nang ligtas papunta at pauwi ng paaralan

Ang paglalakad papunta at pauwi ng paaralan ay mahusay na paraan upang pagukulan ng panahon ang iyong anak at hikayatin ang mga pag-uugaling ligtas at mabuti.

Narito ang ilang mga payo upang makatulong na panatilihin mas ligtas ang iyong anak bilang isang pedestrian:

- Planuhin, sanayin at kausapin ang iyong anak tungkol sa pagiging alisto sa daan.
- Hanggang ang iyong anak ay hindi bababa sa 8 taong gulang o mas bata, palaging hawakan ang kanilang kamay, dahil sila ay maaaring madaling magambala. Kailangan ng mga bata ang iyong tulong na nakikita ang mga panganib.
- Pagkatapos, hanggang sa hindi bababa sa 10 taong gulang o mas bata, pangasiwaang mabuti ang iyong anak, at hawakan ang kanyang kamay kapag tumatawid ng daan.
- Palaging gamitin ang mga pedestrian crossing hangga't maaari.
- Makipagkita sa iyong anak malapit sa labasan ng paaralan. Huwag kailanman siyang tawagin mula sa tapat ng daan.
- Ipaliwanag kung bakit ang mga napili mong lugar ang pinakaligtas. Kausapin sila kung bakit dapat silang **tumigil, tumingin, makinig, mag-isip** bago tumawid sa daanan ng sasakyan, sa daan o sa paradahan ng sasakyan.

Natututunan ng mga bata ang mga ligtas na paggamit ng daan mula sa iyo at maipagpapatuloy ang mga ito kapag nasa hustong gulang na sila para makapaglakbay nang mag-isa.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa [safetytown.com.au](https://www.safetytown.com.au)



Ang mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maipapamahagi sa iyong anak na nasa Kindergarten hanggang Year 2

- Hawakan ang kamay ng matanda kapag:
 - tumatawid ka ng daan
 - ikaw ay nasa bangketa
 - ikaw ay nasa paradahan ng sasakyan

Ang mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maipapamahagi sa iyong anak na nasa Year 3 hanggang Year 6

- Hawakan ang kamay ng isang may sapat na gulang kapag tumatawid ka ng daan (hanggang sa 10 taong at pababa)
- Gamitin ang ligtas na lugar upang tawirin ang daan
- **Tumigil! Tumingin! Makinig! Mag-isip!** sa tuwing tatawid ka sa daan at palaging tumingin hanggang ligtas na makatawid

TUMIGIL!

Isang hakbang na paurong mula sa gilid ng bangketa

TUMINGIN!

nang patuloy sa magkabilang daan

MAKINIG!

sa mga tunog ng paparating na sasakyan

MAG-ISIP!

kung ligtas nang tumawid at tumingin-tingin hanggang ligtas nang tumawid